# Parenting and Studying: Chronicles of Student Mothers

# *Kolehiyalang Ina: Paglalayag sa Mundo ng Duyan at Pluma*

**Franxes Ghia U. Tordil**[1]

*Abra State Institute of Sciences and Technology, Philippines*

**ARTICLE HISTORY**

***Received:*** January 27, 2026 | ***Accepted:*** March 10, 2026 | ***Published:*** April 30, 2026

## ABSTRACT

*This study sought to answer the following questions: (1) What is the profile of the respondents in terms of the year level at which they became pregnant and their partners' acceptance of the pregnancy? (2) What are their most memorable experiences as student-mothers? (3) What struggles are they experiencing? and (4) What services can the agency extend to ease their difficulties as they cope as student-mothers? The research utilized a qualitative research design employing a semi-structured interview with six respondents. The findings of the study showed that most of the respondents got pregnant while they were in college. Most of them ended up with their partners after their pregnancies. Familial support and acceptance, especially from their parents during pregnancy, were their most remarkable experiences. Although these were not given immediately, their families did not leave them at their lowest point. Meanwhile, the absence of childcare support during the first few months of child-rearing was considered their biggest challenge. Financial and time constraints were mentioned as secondary challenges. As for the services they think the agency can extend to help them, they recommended the provision of a more considerate policy for student-mothers, particularly by allowing a longer modular learning modality during the postpartum months and permitting student-mothers to bring their children to school when no one is available to look after them.*

**Keywords:** student mothers, struggles, school, home

## ABSTRAK

*Layon ng pag-aaral na ito na tuklasin ang mga sumusunod na katanungan: 1) Ano ang profayl ng mga respondent batay sa (a) edad sa pagdadalang-tao at (b) antas ng pagtanggap ng pamilya sa kanilang kondisyon; 2) Anu-ano ang mga karanasang hindi nila malilimutan bilang mga inang nag-aaral; 3) Anu-ano ang mga suliranin at pagsubok; at, 4) Anu-anong mga serbisyo ang maaaring maibigay ng ahensya para maibsan ang ang kanilang suliranin. Isinagawa ang pag-aaral na ito gamit ang kwalitatibong disenyo. Anim na estudyanteng ina mula sa College of Teacher Education and nagsilbing mga respondent. Pinili sila mula sa kabuuang bilang ng mga*

doi: 10.5281/zenodo.19913236

[1]Corresponding Author: fgtordil@asist.edu.ph

© 2026 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

*nakaenrol sa departamento noong taong panuruan 2023-2024, ikalawang semestre. Bago isinagawa ang panayam, humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa dekana ng kolehiyo. Gayundin, humingi rin ng pahintulot sa mga respondent lalo na sa pagrekord ng panayam. Upang mapangalagaan ang kapakanan at pagkakakilanlan ng mga respondent, gumamit ng coding sa halip na ilahad ang kanilang tunay na pagkakakilanlan. Batay sa isinagawang panayam, lumitaw na karamihan sa mga respondent ay nabuntis habang sila ay nag-aaral sa kolehiyo. Marami sa kanila ang una munang kinagalitan ng kanilang mga magulang ngunit kalaunan ay tinanggap din. Karamihan din ay pinanindigan ng mga lalaking nakabuntis sa kanila. Isa sa mga naging suliranin ng karamihan ang pinansiyal na suporta at ang pagod sa pag-aalaga sa kanilang mga sanggol. Ayon sa saloobin ng nakararami, makatutulong ang mga ahensya sa pamamagitan ng pagtatatag ng child-minding station at pagpapatupad ng mas maluwag na patakaran sa hybrid learning modalities para sa mga bagong panganak na mag-aaral.*

**Mga Susing Salita:** inang mag-aaral, panganganak, pagtanggap ng pamilya, konsiderasyon ng pamayanan

## I. INTRODUKSYON

Ang pagdadalaga ay panahon ng malawakang pagbabago sa pisikal, emosyonal, sosyal at emosyonal na aspeto ng personalidad. Sa pagkakataong ito, kadalasang nagaganap ang maaga at hindi napaghandaan na pagbubuntis. Ang pangyayaring ito ay apektado ng samu't saring dahilan gaya ng kahirapan, kakulangan ng kaalaman sa mga birth control methods, at tawag ng barkada. Napakaraming kaso na nang maagang pagbubuntis ang naganap at patuloy na nagaganap sa Pilipinas, bagaman kilala ito bilang isa sa mga konserbatibong bansa sa Asya. Sa paglipas ng panahon,tila nagiging laganap at unti-unting tinanggap ng kultura ang ganitong sitwasyon, kabilang na ang pagiging solo parent ng ilang kabataang ina.

Sa ganitong konteksto, ang maaga o hindi napaghandaang pagbubuntis ay nagdadala ng mas malalaki pang suliranin sa buhay ng mga batang ina. Kabilang dito ang mabigat na hamon sa kanilang emosyonal, mental, at aspetong pangkalusugan. Maaari rin itong magdulot ng hidwaan sa loob ng pamilya, paghinto sa pag-aaral at tuluyang pagkawala ng mga oportunidad sa hanapbuhay at kinabukasan.

Ang pagtatapos sa kolehiyo ay isa sa mga pangunahing mithiin ng maraming pamilyang Pilipino. Pinaghahandaan ng mga magulang ang pagpapaaral ng kanilang mga anak sa unibersidad sapagkat itinuturing ang diploma bilang simbolo ng tagumpay at karangalan. Ayon kay Emerson (2022), ang pagtatapos ng kolehiyo ay nagbubukas ng mas maraming oportunidad sa trabaho, mas mataas na sahod, at patuloy na paglinang ng kaalaman. Dagdag pa rito, ayon sa Childhope Organization (2024), binigyang diin ang pagtatapos ng kolehiyo bilang bukal ng pag-usbong, pagkakakilanlan, at paglago. Ngunit paano na lamang kung hindi ito matupad gaya nang nakaplano?

Ang pakikipagtalik ay isang nagiging bahagi na ng buhay ng maraming mag-aaral lalo na sa antas ng kolehiyo. Maaaring iugnay ito sa kalayaang kanilang nararanasan sa paglayo mula sa kanilang mga magulang, gayundin sa impluwensiya ng kanilang mga kaibigan. Ang mga salik na ito ay nagdaragdag sa posibilidad ng maagang pagbubuntis.

© 2026 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

Para sa maraming kababaihan, ang pagbubuntis ay inaasam at itinuturing na mahalagang yugto ng pagiging ganap na babae at ina. Gayunpaman, maraming kaakibat na suliranin at sakripisyo ang pagiging ina. Hindi ito magiging madali lalo na sa mga batang ina.

Sa pag-aaral ni Bayod (2015), natukoy ng maraming inang nag-aaral sa kolehiyo ang kanilang sitwasyon bilang trahedya lalo na at napipilitan silang tumigil pansamantala sa pag-aaral upang pagtuunan ng pansin ang kanilang anak. Kaakibat pa nito ang mga problemang pinansyal at pagkabagabag sa dumaraming obligasyon sa paaralan at sa tahanan.

Samantala, sa pag-aaral nina Phiri et al. (2021), nabanggit niya na ang pinakamalaking hamon sa kalusugan ng ina at ng sanggol sa maagang pagbubuntis ay ang mga komplikasyong dala ng pagbubuntis. Idinagdag pa nila na ang kakulangan sa wastong panggangalaga sa unang yugto ng pagbubuntis at pagkatapos manganak ay maaaring magpalala sa kalagayan ng ina, kabilang ang paglala ng suliraning pangkalusugang mental.

Ayon sa datos ng Philippine Statistics Authority (PSA) noong taong 2023, ang mataas na bilang ng kaso ng maagang pagbubuntis sa bansa ay kadalasang kinabibilangan ng mga kababaihang nasa edad 19 pababa, lalo na sa mga liblib na lugar. Sa artikulong Save the Children (2024), ang maagang pagbubuntis ng mga kabataan sa Pilipinas ay dala ng kahirapan, limitadong kaalaman tungkol sa pakikipagtalik at sa kontraseptibo. Dahil dito, hinihikayat ang mga magulang na maging bukas sa pakikipag-usap sa kanilang mga anak.

Sa kabilang banda, iba ang pananaw sa maagang pagbubuntis ng ilang bansa gaya ng Estados Unidos. ayon sa Willow Women (2023), binibigyan ng kalayaan ang mga kababaihan na magpasya hinggil sa kanilang pagbubuntis, kabilang ang legal na opsyon ng aborsyon. kung pagpapatuloy ang pagbubuntis, may opsyon din silang alagaan o ipaampon ang bata, kasabay ang suportang ibinibigay ng pamahalaan.

Kaugnay nito, ipinaliwanag din ang tuntunin ng Title IX of the Education Amendments of 1972, na mahigpit na tumututol sa diskriminasyon laban sa mga estudyanteng buntis, nanganak, nagpalaglag o nagpaampon ng anak. Binibigyan sila ng sapat na panahon upang magpagaling at magpalakas. Binibigyan din sila ng alternatibong paraan ng pag-aaral gaya ng paggamit ng modyul at online class kung kinakailangan upang maipagpatuloy nila ang kanilang edukasyon. Mayroon din silang natatanggap na tulong pinansyal at akomodasyon. Ang sinumang lalabag sa mga karapatang ito ay papatawan ng karampatang parusa.

Sa mas malawak na pananaw, ang edukasyon ay pinahahalagahan sa iba't ibang panig ng mundo. Gayunman, ang interpretasyon sa maaga at hindi napapanahong pagbubuntis ay umaani nang magkakaibang interpretasyon. Sa mas malalim na perspektibong pang-akademiko at sibiko, ang programang pang-edukasyon ay isa sa mga tunguhin ng Sustainable Development Goal (SDG), na naglalayong tiyakin ang inklusibo at pang-habambuhay na pagkatuto. Sa huli, ang layon ng adhikaing ito ay ang tuluyang pagbawas ng kahirapan, pagpapanatili ng pagkakapantay-pantay at pagsulong ng personal na pagpapaunlad.

© 2026 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

Malawak ang saklaw ng usapin hinggil sa programang pang-edukasyon, kabilang ang inklusibong edukasyon na tumutugon sa iba't ibang uri ng mag-aaral, gaya ng mga may kapansanan, mga nagbabalik-aral, at mga may sariling pamilya. Sa ganitong diwa, kinikilala at pinahahalagahan ng edukasyon ang lahat ng mag-aaral bilang bahagi ng sistemang panlipunan. Sila ay inaasahang tinatanggap ng pamahalaan nang may pagkakapantay-pantay at walang diskriminasyon

Dito sa Pilipinas, dibdiban ang pagpapatupad ng inklusibong edukasyon na sumasaklaw sa mga mag-aaral na may kapansanan o nasa mga espesyal na kalagayan. Gayunman, may limitasyon ang implementasyon ng batas na ito gaya ng kakulangan sa kasanayan at kagamitan ng mga paaralan at kakulangan ng sapat na pag-unawa ng komunidad.

Ang Abra State Institute of Sciences and Technology, tulad ng ibang mga institusyon, ay nakararanas din ng mga kaso ng maaga at hindi napaghandaang pagbubuntis sa hanay ng mga mag-aaral. Marami sa mga kababaihang ito ang humaharap sa hamon na pagsabayin ang kanilang pag-aaral at responsibilidad bilang ina at kasapi ng pamilya. Dahil dito, nagiging madalas ang mga suliraning kaugnay ng akademikong gawain at pangangalaga sa kapakanan ng kanilang mga anak.

Bilang tagapangulo ng College of Teacher Education, personal na nasasaksihan ng mananaliksik ang mga suliraning kinahaharap ng mga inang mag-aaral. Kabilang dito ang madalas na pagliban sa klase, mababang marka, pagkaantala sa pagsusumite ng mga proyekto, at sa ilang pagkakataon, ang sapilitang pag-alis sa paaralan upang matugunan ang mga pangangailangan sa tahanan. Sa kabuuan, hindi maikakaila ang bigat ng responsibilidad na dinadala ng isang inang nag-aaral.

### *Paglalahad ng Suliranin*

Sa kabuuan, layon ng pag-aaral na ito na mailahad ang mga totoong karanasan sa buhay ng mga inang mag-aaral. Partikular, layon nitong sagutin ang mga sumusunod:

(1) Ano ang profayl ng mga respondent ayon sa:
   a. taon ng pagbubuntis; at
   b. antas ng pagtanggap ng ama ng kanilang ipinagbubuntis?
(2) Ano ang mga hindi malilimutang karanasan bilang inang nag-aaral?
(3) Anu-anong mga hamon ang kanilang kinakaharap?
(4) Anong mga serbisyo ang maaaring ibigay ng ahensya upang makatulong?

Ang mga tunguhing ito ang nag-udyok sa mananaliksik upang isagawa ang pag-aaral na ito upang tuklasin ang makatotohanang pangyayari sa buhay may pamilya ng mga nag-aaral pang ina. Bukod dito, ninanais din ng pag-aaral na ito na pagandahin ang mga programa ng paaralan upang mapabuti pa ang serbisyong ibinibigay nila lalo na sa mga mag-aaral na nasa mas mahirap na sitwasyon.

## II. METODO

Ang pag-aaral na ito ay nasa disenyong kwalitatibo. Layon nitong isalaysay ang mga karanasan ng mga inang nag-aaral pa lamang o maagang nagbuntis. Anim na respondent mula sa College of Teacher Education ang lumahok sa pag-aaral na ito na

© 2026 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

itinuturing na kabuuang bilang ng lahat ng kasaluyang nakaenrol na estudyanteng ina sa kasalukuyang taong panuruan 2023-2024. Ang mananaliksik ang gumawa ng talatanungan na sumailalim sa balidasyon ng mga eksperto sa larang. Ang pangunahing midyum sa pangangalap ng datos ay panayam, na isinagawa batay sa napagkasunduang iskedyul at pamamaraan sa pagitan ng mananaliksik at mga respondent.

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa nang may mahigpit na pagsunod sa mga pamantayan ng etika sa pananaliksik. Bago ang pangangalap ng datos, ipinaliwanag sa mga kalahok ang layunin ng pag-aaral, ang mga pamamaraan ng pangangalap ng impormasyon, at kung paano gagamitin ang kanilang mga sagot. Ang mga boluntaryong sumali ay pumayag sa pamamagitan ng informed consent na isinama sa pananaliksik.

Upang mapangalagaan ang pagkakakilanlan at pribadong impormasyon ng mga respondent, gumamit ng mga code sa halip na tunay na pangalan. Ang lahat ng datos ay itatago nang kumpidensyal at gagamitin lamang para sa layunin ng akademikong pananaliksik. Sa proseso ng pangangalap ng datos, ginamit ang mga tanong at pamamaraan na sensitibo at hindi mapanghusga, upang matiyak ang kanilang dignidad at kapakanan.

Ang mananaliksik ay may pananagutan na gamitin ang mga resulta ng pag-aaral sa paraang makatutulong sa mas malalim na pag-unawa sa kalagayan ng mga dalagang ina, at hindi sa anumang layunin na maaaring magdulot ng pinsala o diskriminasyon.

Sa pagsusuri ng mga datos, ginamit ang Braun at Clarke. Ang mga tugon ng mga respondent ay inayos, kinategorya at hinati batay sa mga umuusbong na tema. Matapos ang prosesong ito, isinagawa ang member checking kung saan ipinabasa sa mga respondent ang kinalabasan ng interpretasyon upang mapagtibay ang kawastuhan at pagiging tapat ng mga datos.

## III. MGA RESULTA AT DISKUSYON

Tatalakayin sa bahaging ito ang mga tugon ng mga respondent batay sa isinagawang panayam. Ang mga talahanayan, maliban sa unang talahanayan, ay binubuo ng apat na kolum. Sa unang kolum makikita ang numero ng mga respondent. Sa ikalawa naman matatagpuan ang tugon ng mga respondent sa orihinal na midyum. Sa ikatlo makikita ang saling-wika nito sa Filipino, at ang panghuling kolum ay ang implikasyon ng mga tugon.

Kaugnay nito, inilalahad ang mga resulta batay sa mga sumusunod na katanungan.

### *A. Profayl ng mga respondent ayon sa taon nang pagbubuntis at antas ng pagtanggap ng ama ng kanilang ipinagbubuntis*

Sa anim na respondent, isa lamang ang nagdalantao noong siya ay nasa senior high school. Makikita rin na karamihan sa kanila ay pawang hindi inaasahan ang kanilang pagbubuntis; lahat ng kaso ay aksidente at hindi sinasadya. Sa isa sa mga panayam, binanggit ng respondent na *"gumagamit po kami ng birth control method at hindi ko po ito inasahan"*(Respondent 4). Dagdag pa ng isa, *"irregular po kasi ako" (Respondent 1).*

© 2026 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

Mahihinuha mula sa mga sagot na wala sa kanilang plano ang anumang kaso ng pagbubuntis sa hinaharap.

**Talahanayan 1**
*Profayl ng mga Respondent*

| Numero | Panahon ng Pagbubuntis | Tugon ng Lalaking Nakabuntis at kanilang Pamilya |
|---|---|---|
| **Respondent 1** | Nabuntis ang respondent noong nasa kolehiyo | Tinanggap at sinupurtahan ng lalaking nakabuntis. Kinagalitan subalit tinanggap din ng kanilang pamilya |
| **Respondent 2** | Nabuntis ang respondent noong nasa kolehiyo | Sinuportahan at tinanggap ng lalaking nakabuntis sa kanya. |
| **Respondent 3** | Nabuntis ang respondent noong nasa senior high school | Tinanggap ng lalaking nakabuntis sa kanya. |
| **Respondent 4** | Nabuntis ang respondent noong nasa kolehiyo | Tinanggap ng lalaking nakabuntis sa kanya. Pinagmalasakitan din ng pamayanan. |
| **Respondent 5** | Nabuntis ang respondent noong nasa kolehiyo | Tinanggap ng kanyang pamilya subalit tinakbuhan ng lalaking nakabuntis |
| **Respondent 6** | Nabuntis ang respondent noong nasa kolehiyo | Tinanggap ng lalaking nakabuntis at ng pamayanang kinabibilangan niya |

Sa gitna ng hirap at hamon ng pagbubuntis at hindi napapanahong pagpapamilya, pinili naman ng mga kalalakihan na tanggapin ang nakatadhanang responsibilidad ng pagiging isang ama. Gayunman, isa sa anim na respondent ang nagsabing iniwan siya ng kanyang naging kasintahan. Nagdulot ito nang malubhang dagok sa buhay ng respondent. Labis ang depresyon na kanyang pinagdaanan dahil dito.

***B. Mga hindi malilimutang karanasan bilang inang nag-aaral***

1. **Pagtanggap at Suporta ng Pamilya**

Karamihan sa mga respondent ay nagsabing hirap ang pamilya nilang tanggapin ang balita sa unang pagkakataon. Gayunman, sa pagdaan ng panahon, unti-unti na rin silang natatanggap ng kanilang pamilya.

**Talahanayan 2**
*Mga Makabuluhang Karanasan ng mga Inang Mag-aaral*

| Numero | Aktwal na Tugon | Saling-wika sa Filipino | Implikasyon |
|---|---|---|---|
| **Respondent 1** | *Inawat dak met ti pamilyak. Ni lakay ko ti nagaywan kaniak iti panagsikog ken panaganak ko.* | Tinanggap naman ako ng pamilya ko. Ang asawa ko ang nag-alaga sa akin sa panahon ng aking pagbubuntis at panganganak. | Pagtanggap at pagsuporta ng pamilya |

© 2026 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Respondent 2** | *"Immay nakipatang dagiti parents ko idtoy eskwela idi aganakak nga agmodule lak koma habang adda ak paladiay balay tapno iti kasta agtultuloy ti panagbasak. Saanak nga maudi nga agbasa."* | Pumunta ang mga magulang ko sa eskuwelahan upang makipag-usap sa mga guro na bigyan ako ng pagkakataong gumamit ng modyul, habang ako ay nag-aalaga sa aking anak, upang hindi ako mahuli sa mga aralin | Pagsuporta at pagmamahal ng pamilya |
| **Respondent 3** | *"Iramramanan nak ni mestrak ti feeding program diay eskwela uray saanak koman nga beneficiary."* | Isinasama ako ng aking mga guro tuwing may mga feeding programs. | Pagmamalasakit ng komunidad sa kapakanan ng mga batang ina. |
| **Respondent 4** | *"Wag ko daw po ipalaglag ang bata sabi ni mama. Nagalit po siya noong una kasi nasabay po sa maraming problema sa pamilya pero kalaunan natanggap din niya. Pag-uusapan daw nila ni kuya kung anong gagawin."* | Huwag ko raw po ipalaglag ang bata sabi ni mama. Nagalit po siya noong una kasi nasabay po sa maraming problema sa pamilya pero kalaunan natanggap din niya. Pag-uusapan daw nila ni kuya kung anong gagawin. | Pagmamalasakit at pangangalaga sa pamilya |
| **Respondent 5** | *"Nangted ni papang ti bassit nga negosyo nga pangalaan mi ti pagbiag mi daytoy anak ko. Nagsardengak agbasa ta madi sumuso ti bote ni baby ket siak la ti kayat na. idi dumakkel bassit, nagawid ni ikit ko nga naggapu abroad ket isun ti nagaywan tapno makasubli akong nga agbasa."* | Nagbigay po ang tatay ko ng perang pang-negosyo upang kahit nasa bahay ay may pagkakitaan pa rin ako at pagkaabalahan. | Pagpapahalaga sa pamilya at anak |
| **Respondent 6** | *"Makipagyan ni nanang kaniami diay boarding house tapno maaywanan na dagiti annak ko ken saanak nga agsardeng agbasa."* | Nakitira ang aking ina sa amin upang mabantayan ang aking mga anak upang hindi ko kailangan tumigil sa pag-aaral | Pangangalaga at pagmamahal sa pamilya |

*"Immay nakipatang dagiti parents ko idtoy eskwela idi aganakak nga agmodule lak koma habang adda ak paladiay balay tapno iti kasta agtultuloy ti panagbasak. Saanak nga maudi nga agbasa." (Respondent 2)* Makikita sa pahayag na ito na hindi 'man gusto ng mga magulang ang kinahinatnan ng kanilang anak ay pinipilit nila itong tanggapin at itama para sa ikabubuti ng kanyang kinabukasan. *"'Wag ko daw po ipalaglag ang bata sabi ni mama. Nagalit po siya noong una kasi nasabay po sa maraming problema sa pamilya pero kalaunan natanggap din niya. Pag-uusapan daw nila ni kuya kung anong gagawin."(Respondent 4)* Sa pahayag namang ito makikita na bagkus hindi umaayon ang mga magulang sa kinahinatnan ng anak, minamabuti nilang palakihin ang sanggol na ipinagbubuntis nito sa halip na ipamigay o ipalaglag. Sa pahayag namang, *"nangted ni papang ti bassit nga negosyo nga pangalaan mi ti pagbiag mi daytoy anak ko. Nagsardengak agbasa ta madi sumuso ti bote ni baby ket siak la ti kayat na. idi dumakkel bassit, nagawid ni ikit ko nga naggapu abroad ket isun ti nagaywan tapno makasubli akon nga agbasa."(Respondent 5)* mararamdaman ang

© 2026 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

suporta ng magulang sa nagkamaling anak sa lahat ng aspekto-pinansyal, pisikal at moral maiahon lamang sa kahihiyan at lungkot ang anak.

Napakahalaga ng pagtanggap ng pamilya at ng kapareha sa mga ganitong sitwasyon. Ang pagtanggap at pagtindig ng kapareha sa babaeng nabuntis ay nagbibigay sa kanya ng lakas ng loob at malusog na kaisipan at katawan na nagpapabuti sa kanyang kabuuang katauhan. Sa pag-aaral ni Muzzafar (2021), ang pagkakaroon ng sapat na suporta sa pag-aalaga ng sanggol at sa pamamahala ng tahanan ay nakapagpapagaan sa emosyonal at pisikal na pasanin ng babaeng buntis o bagong panganak. Nagbibigay ito ng pagkakataon sa ina na makapagpahinga, na nagreresulta sa mas maayos na kalagayan ng pamilya at mas positibong ugnayan sa loob ng tahanan

**2. Pagkalinga ng Pamayanan**

Nabanggit din ng mga respondent sa kanilang panayam ang kahalagahan ng pagtanggap at pagkalinga ng pamayanan sa kanila, partikular mula sa kanilang mga guro at kaklase. Hindi maitatangging malaking dagok ang kakaharapin ng isang batang ina sa kanyang pagdadalang tao at hindi ito madali. Maaari silang makaramdam ng matinding kalungkutan at kawalan ng pag-asa. Gayunman, ang pagkalinga ng pamayanan ay labis na makatutulong sa ikabubuti ng kanilang pakiramdam.

*"Iramramanan nak ni mestrak ti feeding program diay eskwela uray saanak koman nga beneficiary." (Respondent 3).* Sa pahayag na ito maliwanag na sinasabi ng respondent ang konsiderasyon, pagmamahal at pagtanggap ng pamayanan sa kanilang sitwasyon.

Sa isang bansang tulad ng Pilipinas na may konserbatibong pananaw, ang hindi napapanahong pagbubuntis ay itinuturing na disgrasya o hindi inaasahang pangyayari. Sa maraming pagkakataon, ipinapalagay ng ilang pamilya na ito ay isang malas o suliraning maaaring makaapekto sa kanilang kabuuang kalagayan. Sa konteksto ng mga pamilyang Katoliko, mataas ang pagpapahalaga sa pagkabirhen ng isang babae. dahil dito, ang maaga o hindi planadong pagbubuntis, lalo na kung ito ay naganap sa labas ng kasal, ay kadalasang tinitingnan ng komunidad bilang paglabag sa mga panlipunan at moral na pamantayan, na maaaring magdulot ng stigma at panghuhusga sa mga kababaihan.

Ang pagdadalaga at pagbibinata ay may dalawang anyo. Sa positibong aspeto, naglalaan ito ng pagkakataon sa mga kabataan para makilala at maipakita ang kanilang potensyal at personalidad, ang husay pagkakakilanlan. Sa kabilang banda, nagdudulot din ito ng negatibong bunga dala ng iba't ibang uri ng stress, bisyo, at mataas na posibilidad ng pagbubuntis o pagkakabuntis.

Dahil dito, mahalagang maituro sa mga kabataan ang wasto at malusog na pakikipagrelasyon. Maisasakatuparan ito sa pamamagitan ng pagtutulungan ng pamilya at paaralan. Ang pagkakaroon ng sapat na kaalaman at pag-unawa ay makatutulong sa mga mag-aaral upang maiwasan ang mga insidente ng hindi napapanahong pagbubuntis.

### *C. Mga hamon na kinahaharap ng mga inang mag-aaral*

**1. Kawalan ng sapat na suporta sa pangangalaga ng bagong silang na sanggol**

© 2026 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

Karamihan sa mga respondent ay kailangang tumigil sa pag-aaral upang mag-alaga ng kanilang sanggol. Nabanggit nila na karamihan sa kanilang mga kapamilya ay may trabaho. Dito mahihinuha na galing ang karamihan sa mahirap na pamilya. Hindi rin basta-basta ang pagliban sa kanilang mga trabaho para matulungan sila sa pag-aalaga. Gaya ng pahayag ng isa sa mga respondent na *"Awan ti kadwak agaywan ti anak ko isu nga solsolwek. Nagna ak ti post-partum depression gapu ti bannog ken puyat. Adu ti agtartaray ti panunot ko. Adda pay time nga saan kon isuna kayat nga pasuswen ta nakamulengleng nak lattan" (Respondent 2).*

**Talahanayan 3**

*Mga Hamon ng mga Batang Ina*

| Numero | Aktwal na Tugon | Saling-wika sa Filipino | Implikasyon |
|---|---|---|---|
| **Respondent 1** | *"Mapuyatak nga agpadede iti rabii."* | Napupuyat ako sa pagtimpla ng gatas ng aking anak | Kakulangan ng pahinga at tulog |
| **Respondent 2** | *"Awan ti kadwak agaywan ti anak ko isu nga solsolwek. Nagna ak ti post partum depression gapu ti bannog ken puyat. Adu ti agtartaray ti panunot ko. Adda pay time nga saan kon isuna kayat nga pasuswen ta nakamulengleng nak lattan"* | Wala akong kasamang mag-alaga sa anak ko dahil may mga trabaho ang mga kapamilya ko. Dahil sa kakulangan ng pahinga, nagkaroon ako ng depresyon. Napakaraming bagay ang pumapasok sa utak ko. Natutulala na lang ako minsan | Kawalan ng tulong at suporta sapag-aalaga ng bata |
| **Respondent 3** | *"Awan ti agaywan ti anak ko. Isu nga masapul agsardengak. Idi dumakkel isunan ket agbasan, nagbasa ak metten. Makonsensya ak nga agkurang ti oras ko mangsuro kaniana ken dagiti assignments na. maladladawak pay makaipasa nu dadduma ti projects ko."* | Wala pong mag-aalaga sa anak ko kaya kailangan kong tumigil sa sa pag-aaral. Pero ngayon at malaki na siya, pumapasok na siya sa paaralan. Nakabalik na rin ako sa pag-aaral. Gayunman, nakokonsensiya akong nauubusan ng oras sa kanya. Hindi ko siya gaanong natutulungan sa kanyang mga takdang-aralin. | Kawalan ng tulong at suporta sapag-aalaga ng bata |
| **Respondent 4** | *"Problema ko pong walang mag-alaga sa bata. May trabaho po ang mama ko. Ganun din po ang family ng boyfriend ko."* | Wala pong mag-aalaga sa anak ko dahil may trabaho naman ang pamilya ko at pamilya ng boypren ko. | Kawalan ng tulong at suporta sa pag-aalaga ng bata |
| **Respondent 5** | *"Napaidam daytoy anak ko ken saan na kayat ti agdede ti bote. Sa pay ta awan ti katulungak agaywan kaniana ta tinarayan na kam met ni boyfriend ko."* | Wala pong ibang gusto ang aking anak. Ayaw din niyang dumede sa bote. Wala din akong maasahan sa nakabuntis sa akin matapos niya kaming iwanan. | Kawalan ng tulong at suporta sa pag-aalaga ng bata at pag-abandona ng kapareha |
| **Respondent 6** | *"Marigatan kam ti kwarta. Agkurang ti budget min para iti twins nga agdede ken agdiaper. Saan met mangted ni boyfriend ko ti umanay nga sustento mi. Nu dadduma, maladladaw dagiti* | Hikaos kami sa pera. Hirap din ako dahil parehong dumedede ang mga nak ko sa akin. Ayaw nilang gumamit ng bote. Hindi rin ako natutulungan ng kanilang tatay. Dahil diyan, nahuhuli ang | Kakulangan ng pinansiyal na pagkukuhanan at kawalan ng suporta sa pag-aalaga ng bata |

© 2026 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

| | | |
|---|---|---|
| | *assignments ko nga maipasa ta saan ko malpas nga nasapa"* | aking pagpasa ng mga kailangan ko sa eskwelahan. |

Ipinapakita ng pahayag na ito ang matinding pagod, puyat, at emosyonal na hirap na dinaranas ng mga batang ina, kabilang ang karanasan ng postpartum depression. Maliban dito, isa ring malaking suliranin ang kakulangan sa oras. Nahahati ang oras ng mga inang nag-aaral sa pagitan ng kanilang responsibilidad sa pamilya at sa akademikong gawain. Dahil dito, nakararanas sila ng labis na pagkapagod na higit pang nagpapahirap sa kanilang kalagayan bilang mag-aaral at ina.

**2. Kakulangan sa oras**

Mahihinuha sa sagot ng mga respondent ang kakapusan sa oras sa pagtugon ng kanilang iba't ibang prayoridad. Kadalasan, nahuhuli o hindi nila naipapasa sa takdang oras ang kanilang mga akademikong gawain dahil sa kawalan ng kahaliling mag-aalaga sa kanilang mga anak.

Ang sapat na pahinga ay mahalaga para sa isang bagong panganak na ina. Ang labis na pagod at kakulangan sa pahinga ay maaaring magdulot ng seryosong panganib sa kalusugan, kabilang ang posibilidad ng komplikasyon na maaaring humantong sa mas malalang kondisyon kung hindi agad maaagapan.

Sa panahong postpartum, kinakailangan ng ina ang sapat na oras upang makapagpahinga at makarekober. Karaniwang inirerekomenda ang pananatili sa bahay, wastong nutrisyon, sapat na tulog, at iba pang paraang nakatutulong sa paggaling, tulad ng pagmamasahe at pagkakaroon ng tahimik na kapaligiran.

Subalit, sa kaso ng mga inang nag-aaral pa sa kolehiyo, kinakailangan nilang bumalik agad sa eskwelahan matapos ang ilang araw lamang upang hindi gaanong mahuli sa klase at upang hindi masayang ang kanilang naumpisahan.

Ang mga ganitong sitwasyon ay nagbibigay ng limitadong pagkakataon sa mga inang nag-aaral upang makapagpahinga nang sapat at maibalik ang kanilang nawalang lakas at sigla mula sa panganganak.

**3. Kakulangan sa pananalapi at suportang pinansiyal**

Karamihan sa mga respondent ay napilitang huminto sa pag-aaral. Hindi lamang dahil sa kawalan ng mag-aalaga sa sanggol kundi dahil na rin sa kakulangan sa pera. Inaasahan ang kakulangan ng badyet sa pagdating ng sanggol. Lalo na at inaasahan ang napakalaking gastusan sa mga pangangailangan nito.

Ang hindi napaghandaang pagbubuntis ay nagdadala ng karagdagang problema sa pamilya lalo na at hikaos din ang pamumuhay nito. Kadalasan, nauuwi ang ganitong sitwasyon sa hindi napapanahong pagtigil sa pag-aaral ng ina.

Ang mga tulong pinansyal galing sa gobyerno ay labis na kinakailangan sa mga panahong ito upang maibsan ang kahirapan ng mga pamilyang dumaranas nito.

***D. Mga serbisyo na maaaring ibigay ng ahensya upang makatulong***

© 2026 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

**Talahanayan 4**
*Mga Posibleng Tulong ng Institusyon sa mga Estudyanteng Ina*

| Numero | Aktwal na Tugon | Saling-wika sa Filipino | Implikasyon |
|---|---|---|---|
| **Respondent 1** | *"Mas considerate koma ti teachers kadagiti student mothers."* | Mas maluwag sana ang sistema ng mga guro sa aming mga may anak na. | Pagbabago ng polisiya |
| **Respondent 2** | *"Saan koma nga agpabain dagiti teachers nu maladaw ti pannakaipasa ti assignments nu dadduma.* | Huwag sana kaming hiyain ng mga guro kung nahuhuli kami o kulang ang mga naipapasa naming takda. | Pagbabago ng polisiya |
| **Respondent 3** | *"Mabalin koma ti agitugot ti annak iti klase nu awan ti agaywan tapno saanakon agabsent."* | Payagan sana kaming magdala ng mga anak sa klase kung walang mag-aalaga upang maiwasan ang pagliban. | Pagbabago ng polisiya |
| **Respondent 4** | *"Sana pahintulutan po sana ako na magmodule nang mas matagal pagkatapos manganak para mas mahaba ko pa po sanang makasama ang anak ko."* | Sana pahintulutan po sana ako na magmodule nang mas matagal pagkatapos manganak para mas mahaba ko pa po sanang makasama ang anak ko. | Pagbabago ng polisiya |
| **Respondent 5** | *"Adda koma policy nga mangawat ti panagitugot ti annak ti klase tapno makitkitak met lang. Ken nu adda koma pannakabalin na ti playground wenno breastfeeding room nga mabalin nga pangikabilan kaniada."* | Magkaroon sana ng batas o probisyon na magpapahintulot sa pagdadala ng anak sa eskuwelahan. Mayroon din sanang palaruan at sapat na breastfeeding sections para sa kanilang pangangailangan | Pagbabago ng polisiya |
| **Respondent 6** | *Mabalin koma ti agmodule ti 1 month tapno nabaybayag ko makadwa dagti annak ko.* | Payagan sana kaming magmodyul ng kahit isang buwan lamang para mas matagal kong makasama ang aking mga anak | Pagbabago ng polisiya |

Ipinanawagan ng mga estudyanteng ina ang pagpapatupad ng mas maluwag at makataong mga polisiya para s amga mag-aaral na may anak at sariling pamilya. isa sa kanilang pangunahing mungkahi ang paggamit ng modyul at pagbibigay ng mas mahabang palugit sa mga gawain upang magkaroon sila ng sapat na oras na makasama at maalagaan ang kanilang mga anak.

Bukod dito, iminungkahi rin nila ang pagpayag na makapagdala ng anak sa klase, lalo na kung walang maiiwang tagapag-alaga sa kanilang tahanan, upang maiwasang ang kanilang pagliban. Hinihiling din nila ang higit na pag-unawa mula sa kanilang mga guro, partikular ang pag-iwas sa anumang anyo ng pamamahiya sa klase sa mga pagkakataong sila ay nahuhuli o hindi nakapagsusumite ng kanilang mga akademikong gawain sa takdang oras.

## IV. KONKLUSYON

Batay sa mga nakalap na datos, nabuo ang mga sumusunod na konklusyon. Una, karamihan sa mga respondent ay nabuntis nang sila ay  nasa kolehiyo. Ang pagtanggap

© 2026 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

ng kanilang pamilya at kapareha ang isa sa mga pinakamalalaking ipinagpapasalamat nila bilang karanasan sa kanilang pagbubuntis. Bagaman hindi ito agarang nakuha, naibigay naman ito sa kanila.

Isa sa mga pangunahing suliraning kinaharap ay ang kakulangan sa tulog at labis na pagod dulot ng pag-aalaga sa kanilang mga sanggol, kalakip ang kakapusan sa pananalapi. Ang mga suliraning ito ay higit na pinalalala ng kalagayang ang kanilang mga kapamilya ay kinakailangang magtrabaho, lalo na sa konteksto ng hindi napaghandaan na pagbubuntis. Para naman sa mga nagpatuloy sa pag-aaral, nadaragdagan ang kanilang pasanin dahil sa kakulangan ng sapat na oras upang matugunan ang kanilang mga akademikong gawain.

Bilang tugon, hinihingi ng mga respondent ang pagkakaroon ng mas maluwag na polisiya sa paaralan lalo na sa mga kapapanganak. Ang paggamit ng modyul ang pangunahin nilang hiling upang hindi kailangan ang tumigil sa pag-aaral. Bukod dito, hinihingi rin nila ang pagpapatayo ng child-minding station at breastfeeding sections upang maaari nilang isama ang kanilang mga anak sa paaralan.

## V. TALASANGGUNIAN

Bayod, R. P. (2015). *Rising from the ashes: The journey of unmarried college students who got pregnant. IAMURE International Journal of Education*, *16*(1), 1.

Childhope Philippines. (2024, February 20). *Why is education important? The significance of education in the Philippines.* https://childhope.org.ph/why-education-is-important/

Emerson, J. (2022, February 1). Why a college education is important. *Admit-A-Bull*. https://admissions.usf.edu/blog/why-a-college-education-is-important

Muzaffar, U. (2021). Role of family in general management and care during and after pregnancy. *International Journal of Clinical Obstetrics and Gynaecology*, *5*(2), 150–152. https://doi.org/10.33545/gynae.2021.v5.i2c.880

Philippine Statistics Authority. (2023, September 15). *Teenage pregnancy declined from 8.6 percent in 2017 to 5.4 percent in 2022*. https://psa.gov.ph/content/teenage-pregnancy-declined-86-percent-2017-54-percent-2022

Phiri, T. M., Nyamaruze, P., & Akintola, O. (2021). Stress and coping among unmarried pregnant university students in South Africa. *BMC Pregnancy and Childbirth*, *21*(1), 1–13. https://doi.org/10.1186/s12884-021-04288-1

Save the Children. (2024, July 11). *A jump of 35% in teen pregnancies in the Philippines prompts calls to increase sex education and health services*. https://www.savethechildren.net/news/jump-35-teen-pregnancies-philippines-prompts-calls-increase-sex-education-and-health-services

Willow Women's Center. (2023, August 30). *Pregnant in college: everything you need to know*. https://willowwomenscenter.org/pregnant-in-college-everything-you-need-to-know/

© 2026 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/